**American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)**
e-ISSN :2378-703X
Volume-5, Issue-7-pp-133-143
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Larawan ng Kababaihan sa Cyberspace

Victoria Y. Rojas
*(Filipino Unit, CAS/Leyte Normal University, Philippines)*

***ABSTRACT***:*This study is an analysis of female characters in novels (wattpad stories) in cyberspace written by contemporary authors. This study examined three (3) novels that can be read in cyberspace written by young writers. They are as follows: 1.) Ms. Nobody is halfhearted; 2.) The Crazy Woman and Two Handsome Men by maybeme25; 3.) MyObsessed FANGIRL by ZdnElle; The purpose of the study was to discover the obstacles that served as hindrances to the development of women's personality. In the three (3) novels reviewed in this study the obstacle to personality development in the belief according to the researcher and respondents is the esteem of the family and inability to prioritize oneself, in the status of women being submissive to avoid enmity, while in the role of the family is to be a wife and mother because the role of women is given more value so neglect oneself and the latter is the ability in the arts and mass media is limited and there is no time for self - development. This study is qualitative or descriptive research in the field of literature. This method was used to describe the characteristics of each article reviewed. The study also used content analysis which will use a systematic classification and analysis of the document content according to the criteria. Qualitative content criticism according to Valbuena (1985) is based on the presence or absence of a particular content, requires careful reading of the texts and will be followed by summary and interpretation. And the following conclusions were drawn: Obedience to the status of women served as an obstacle to the development of women's personality, their belief, according to researchers and respondents or trouble between their spouses, while their role in the family, being a wife and mother is overemphasized so self-neglected and the latter in their ability in art and mass media is limited and there is no time to develop themselves and instead prioritize family obligations.*

***ABSTRACT***:*Ang pag-aaral na ito ay isang pag-aanalisa sa mga babaeng tauhansa mga nobela (wattpad stories) sa cyberspace na sinulat ng mga kontemporaryong awtor. Sinuri sa pag-aaral na ito ang tatlong (3) nobela na na mababasa sa cyberspace na sinulat ng mga kabataang manunulat. Ang mga ito ay ang sumusunod: 1.) Ms. Nobody ni halfhearted; 2.) The Crazy Woman and Two Handsome Men ni maybeme25; 3.) My Obsessed FANGIRL ni ZdnElle; Layunin ng pag-aaral na matuklasan ang mga nagsilbing balakid sa kaunlaran ng pagkatao ng kababaihan. Sa tatlong (3) nobela na sinuri sa pag-aaral na ito ang balakid sa kaunlaran ng pagkatao sa paniniwala ayon sa mananaliksik at mga tagatugon ay ang pagpapahalaga sa pamilya at walang kakayahang unahin ang sarili, sa istatus sa kababaihan ang pagiging sunod-sunuran upang maiwasan ang awayan, habang sa papel sa pamilya ay ang pagiging asawa at ina dahil higit na binibigyang halaga ang tungkulin ng kababaihan kaya napapabayaan ang sarili at ang huli ay ang kakayahan sa sining at mass media ay limitado at walang panahon para paunlarin ang sarili Ang pag-aaral na ito ay kwalitatibo o deskriptibo na pananaliksik sa larangan ng panitikan. Ginamit ang pamamaraang ito upang mailarawan ang mga katangian ng bawat akdang sinuri. Sa pag-aaral ay ginamit din ang pag-aanalisang pangnilalaman na kung saan gagamit ng isang masistematikong pagkaklasipika at pagsusuri sa nilalaman ng dokumento ayon sa kriterya. Ang kwalitatibong panunuring pangnilalaman ayon pa kay Valbuena (1985) ay batay sa pagkamayroon o di- pagkamayroon ng isang partikular na nilalaman, nangangailangan ng masusing pagbabasa sa mga teksto at susundan ng pagbubuod at interpretasyon. At Nabuoang mga sumusunod na kongklusyon: Nagsilbing balakid sa kaunlaran ng pagkatao ng kababaihan, sa* ***paniniwala****, ayon sa mananaliksik at mga tagatugon ay pagpapahalaga sa pamilya at walang kakayahang unahin ang sarili, sa* ***istatus ng kababaihan*** *ang pagiging sunod-sunuran upang maiwasan ang away o gulo sa pagitan nilang mag-asawa, habang sa* ***papel sa pamilya*** *ay ang pagiging asawa at ina dahil higit na binibigyang halaga ang tungkulin ng kababaihan kaya napapabayaan ang sarili at ang huli ay ang* ***kakayahan sa sining at mass media****ay limitado at walang panahon para paunlarin ang sarili at mas inuuna ang obligasyon sa pamilya.*
***Keywords****-cyberspace, istatus, nobela,paniniwala, papel*

## I. INTRODUCTION

Ang mundo ng *cyberspace* ay ang mundo hindi lamang ng mga kabataan maging ninuman na nagmula sa iba't ibang antas ng lipunan at buhay sa kasalukuyan. Mga nilalang na masasabing mas ginugugol ang kanilang oras sa paglalaro ng *computer games*, sa *internet surfing*, sa *social media* at iba pang nagagawa nila rito kaysa pag-aaral, pagpasok sa paaralan at pananatili sa loob ng kanilang bahay.

Ibig sabihin lamang na dapat samantalahin ng guro ang interes o hilig na ito ng mga bata at gamitin sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Isa ito sa binigyang-diin sa K-12 kung pagtuturo ng wika at panitikan ang pag-uusapan. Hindi dapat ubusin ng guro ang oras sa pagsesermon dahil sa *absent* o huli sa pagpasok ang isang estudyante. Sa halip na pigilan o takutin sila, gamitin nalamang ang hilig nilang ito upang sila ay matuto. Gawing kapaki-pakinabang ang kanilang pananatili sa loob ng cyberspace sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga gawain na kanilang magagawa sa loob ng *net*, isa na rito ang magbasa ng mga akdang pampanitikan. Tanggapin nating mga guro na mas may interes sila doon kumpara sa magbuklatat magbasa ng mga aklat sa wika at panitikan sa loob ng *library*. Hindi na natin mapipigilan ang mga kabataan sa kanilang pagiging "adik" sa *cyberspace* kaya tayo na lamang mga guro ang pumunta roon sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga gawain sa pagkatuto para hindi masayang ang oras sa kanilang pananatili roon at hindi na magiging sapilitan ang kanilang pagkatuto dahil sa gusto nila ang kanilang ginagawa.

Ang mga isyung *Gender and Development* (GAD) ay malimit nang mabasa na nakapaloob sa mga nobelang nagtamo ng gantimpalang Carlos Palanca noong Dekada 80 ayon sa pag-aaral ni Rojas, (2010). Sa kasalukuyan, ninais ng mananaliksik na malaman kung ang mga isyung ito ay makikita o mababasa na rin sa mga akdang pampanitikan kagaya ng nobela sa mga *website* ng *internet* kagaya ng *wattpad* na kung saan mas madaling ma-*access* ng mga kabataan, dahil sa mas mahaba ang oras na ginugugol nila sa *cyberspace* na maaaring magdulot ng positibo o negatibong epekto sa kanila sa panahon ng kanilang pag-aaral.

Isang kahalagahan ng pag-aaral na ito ay upang muling maipaalaala sa lahat lalo na sa mga kalalakihan ang pagkapantay-pantay ng dalawang kasarian at kapwa may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng isang lipunan na kahit may mga batas at kautusan ng ipinapatupad na nangangalaga sa karapatan at kalagayan ng mga babae ay patuloy pa rin ang opresyon sa kanila patunay rito ang mga napapaloob pa sa mga akdang pampanitikan na mababasa sa cyberspace at sinulat ng mga kontemporaryong awtor. Sapagkat sa iba't ibang akdang pampanitikan din naipapakita ang opresyon sa mga kababaihan, (Villafuerte, 2000).

Ang diskriminasyon laban sa kababaihan ay ang anumang pag-uuri, ekslusyon o restriksyon batay sa kasarian na naglalayon o nagreresulta sa hindi pagkilala, pagtamasa o paggamit ng mga babae ng kanilang karapatang pantao o batayang kalayaan sa pulitikal, pang-ekonomiya, panlipunan, pangkultura, sibil o anumang larangan, may asawa man o wala, batay sa pagkakapantay-pantay ng lalaki at babae (CEDAW, Article 1).

Lumitaw ang *feminism* dahil na rin sa paniniwala na ang panitikan ay nasa kamay ng mga lalaking manunulat na sa kanilang mga akda'y naglalarawan sa babae bilang mahina, marupok, tanga, emosyunal at pambahay lamang. Dahil ang panitikan ay nagpapahayag ng damdamin ng tao, ito ay mahalaga bilang paraan ng pagbabagong panlipunan. Mga akdang pampanitikan ang napili bilang paraan ng pagpapakita sa ngayon ng mga usapin o isyu hinggil sa kasarian at kaunlaran.

Ang pagbasa ng mga akdang pampanitikan sa internet upang tuklasin ang pantay-pantay na paglalarawan sa mga kababaihan sa kontemporaryong panahon sa mga piling nobela sa *cyberspace* mula taong 2010 hanggang kasalukuyan. Ang nobela ay isang akdang-buhay o kathambuhay na mahabang salaysayin na binubuo ng mga kabanata na maaaring mayroong 60,000-200,000 salita o 300-1300 pahina. Ang mga nobela ay hindi na lamang mababasa sa aklat o iba pang nakalimbag na babasahin, ito ay mababasa na rin *online*, maaaring sa *cellphone*,*laptop* o *desktop*. May isang *apps* sa internet na may mga nobela, maikling kwento, atbp. kagaya ng *Wattpad.* Ang mga akda ng mga kontemporaryong manunulat ang pinili dahil sila ang kinagigiliwan at iniidolo ng mga kabataan sa kasalukuyan, katulad na lamang ni Bob Ong, Eros at iba pang kontemporaryong manunulat na kinabibilangan na rin ng mga kabataan na nagsusulat sa nabanggit na *apps* sa itaas, isang *website* na kung saan makababasa ang sinuman lalo na ang mga kabataan at mga mag-aaral ng mga akdang pampanitikan gaya ng mga nobela.

### 1.1 Teoretikal /Konseptwal ng Pag-aaral

Sa pag-aaral na ito, ninais na tuklasin ang pantay-pantay na paglalarawan sa kababaihan sa kontemporaryong panahon sa mga piling nobela sa *cyberspace.* Narito amg mga teoryang maaaring makatulong upang mabuo ang pag-aaral na ito.

Ang Gender and Development o GAD ay may adbokasiyang magkaroon ng makabuluhang pagbabagong panlipunan sa pamamagitan ng papel ng kasarian sa kaunlaran ng isang polisiya, paniniwala (practice) o ideya. Ayon kay Parpart, (1995) "*GAD theory emphasized gender than women in development theory policy and practice*." Ang mga tagasuporta ng GAD ay hindi tinatanaw na magkahati-hati ang dalawang kasarian sa kaunlaran, trabahoat kapangyarihan bagkus magkatuwang sila sa pagpapaunlad ng isang lipunan.

Mula sa *development* at *feminist framework* umusbong ang dalawang nakahihigit na *feminist development theories*, ang *Women in Development* (WID) at *Gender and Development* (GAD). Nilayon ng WID

na malunasan ang hindi pagsali ng kababaihan sa paggawa ng plano at polisiya sa kaunlaran. Hinihikayat na ang kababaihan ay makibahagi sa pagpaplano at pagbibigay ng polisiya tungo sa kaunlaran. Samantala ang GAD naman ay nakatuon sa pagkakaroon ng pantay na karapatan ng mga lalaki at babae sa anumang larangan sa buhay. Ipinapakita na hindi na pangalawa ang babae sa lalaki pagdating sa kaunlaran
kundi sila ay pantay at parehong may karapatang umunlad at magdesisyon para sa sarili. Binibigyan din ng kapangyarihan ang kababaihan na kumawala sa tradis-yon na gumagapos sa kanila upang umunlad. (Parpart, et, al. 2000)

Ang isang feminista ay tumataguyod o sumusuporta sa mga karapatan ng mga kababaihan. Ayon kay Hannam (2007), *Feminism is a theory that men and women should be equal politically, economically and socially*. Sa pagbabago ng tingin sa babae naisilang ang isang bagong pananalig sa kritisimo na tinatawag nafeminismo. Ito ay isang kilusang nagnanasang maangkin ng babae ang kapantayan sa lalaki. Sa pagsusuri gamit ang teoryang ito, malinaw na ipinapakita ang pantay na pagtingin sa kasarian. Tungkulin ng teoryang ito na ipaliwanag ang mga pagbabago na kinakailangang matamo ng mga kababaihan sa lipunan. Samakatuwid, sa teoriyang feminismo, binigyang pansin ang kahalagahan ng mga kababaihan sa lipunan. Idinagdag pa ni Hannam na:

> *Feminism touches on the idea that women are never equal to men, thus belonging in a lower rank. They are now making an attempt in order to correct this inequality between this to two genders*.

Ang teoryang feminismo ay pagtitipon ng mga kilusan at mga kaisipan na may layuning magtakda, magtatag, at maipagtanggol ang pantay na pampulitika, pangkabuhayan, pangkultural at panlipunang karapatan para sa mga kababaihan. Nabibilang dito ang pagtatatag ng pantay na pagkakataon para sa kababaihan sa edukasyon at paghahanapbuhay.

Ang isang feminista ay naniniwala na ang lalaki at babae ay pantay sa aspetong pulitikal, ekonomik at sosyal. Sa tesis ni Acuin (2016), napatunayan na mahalaga ang paggamit ng teoryang ito sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan na may kinalaman sa kasarian at kaunlaran dahil napapalutang ang tunay na kagandahan ng akdang susuriin.

Sa kabilang banda naman, may mga kumpanya at kapitalista na kung sila ay tatangggap ng isang babaeng empleyado, kinakailangang sila ay bata at dalaga pa. Ito ay binigyang-diin sa *Marxist Feminism* (1976) na nagsasaad na:

> *"Contemporary Marxist feminist continue this line of argument by asserting that capitalism, the current form of class society, perpetuates the subordination of women by enforcing their economic dependence on men. They argue that keeping women subordinate is functional to the capitalist system in a number of ways. Women give birth to the new labour force and continue to do unpaid domestic labour. Women also form a reserve army of labour, that is, they provide a cheap and available force to compete for existing jobs, thereby creating a cheap pressure on wages".*

Dahil na rin ito sa paniniwala na ang babae ay masunurin, masinop at kimi. Sa pagawaan ng mga damit, pagkain at maging sa elektroniks makikita ang mga babaeng manggagawa na kung saan sila ay nakararanas ng diskriminasyon at pananamantala tulad ng mababang pasahod, sobrang pagtatrabaho, kontraktwalisasyon, pagkakait ng mga benepisyo kagaya ng pagbibigay ng mga pagsasanay at promosyon.

Sa kasaysayan naman makikita ang pag-iral ng pananamantala sa kababaihan lalo na sa kababaihang manggagawa. Ito ay bunga ng sistemang pyudal-patriyarkal na umiiral noon pa mang unang panahon na siyang pinaniniwalaan ng *Radical Feminism*:

> *"Radical feminism insists that women's subordination does not depend on other forms of domination, such as class. They argue that patriarchy, or the domination of women by men is primary: it existed in virtually every known society, even those without classes. Women's subor-dination, as it is deeply embedded in individual psyches and social practices is more difficult to change than class".*

Mapapansin sa nakasaad sa itaas na ang kalalakihan ay mas mahusay at makapangyarihan kaysa sa kababaihan. Ipinapakita rin dito na ang papel na ginagampanan ng kababaihan ay gawain ang mga gawaing-bahay, mag-alaga ng asawa at mga anak at ang kalalakihan ang siyang magtatrabaho para mabuhay ang pamilya. Sa madaling sabi, ang *Racial Feminism* ay nakatuon sa paniniwala na ang mga lalaki at sistemang patriyarkal ang pangunahing dahilan sa opresyon sa kababaihan.

Ayon kay Sorsogon City Gender and Development Chief Rose Abay sa isang panayam ni Recibido (2010), ang karahasan sa kababaihan ay maaaring pang-iinsulto, pagbabanta, pambubugbog, paggamit ng mga armas at pang-aabusong sekswal. Napakarami pang karahasan sa mga kababaihan ang ating makikita sa ating paligid. Nariyan din ang pisikal na karahasan, tulad ng panggagahasa, pananakit at pagpatay na kinabibilangan na rin lalo ng mga menor de edad na kababaihan.

Ibig sabihin, kailanman ay hindi nagkaroon ng patas na pagtingin sa dalawang kasarian. Ang mga kababaihan ay may ibang ginagampanan sa lipunan na masasabing mababa kung ihahambing sa mga kalalakihan. Hindi pa rin napagtutuunan ng pansin ng *media* ang isyung may kaugnayan sa babae. Patuloy ang pagpapakita ng *stereotype* na papel ng babae sa iba't ibang uri ng *media*. Kaya umusbong ang teoriyang ito upang maipakita na kinakailangang ipantay ang dalawang kasarian.

Ang mga teoryang nabanggit, lalong-lalo na ang *Gender and Development* ay magsisilbing gabay at patnubay sa pag-aaral na ito upang matamo ang mga kinakailangang datos at magawa nang tama at maayos ang gagawing panunuring pangnilalaman sa mga maiikling kwento na mababasa sa *cyberspace.*

Ayon kay Arogante, (1991) ang nobela o kathambuhay ay isang sining na sangay ng panitikan na naglalahad o naglalarawan ng mga pangyayaring nagaganap sa buhay at umiikot ayon sa karanasan ng tao sa kanyang sarili at sa kanyang kapaligiran. Ito'y tinawag na kathambuhay na galing sa salitang katha na nangangahulugang likha ng panulat at buhay sapagkat ang mga kasaysayang ngan isinalaysay, kung hindi man lubos na gawa ng isip ay hinango sa mga pangyayaring tunay na naganap sa buhay na maaaring nasaliksik, nasaksihan o naobserbahan, napanayam, o kaya'y naranasan.

Samantalang para kay Belvez (2000) ang nobela ay bunga ng panitik ng isang manunulat na naglalarawan ng buong kabuhayan o bahagi ng isang buhay na hiniyasan ng mga bagay-bagay na nagyari o maaaring mangyari, na ang layon ay magbinhi ng mga simulain o aral na hangad pagbunangahin ng sumulat, o magdulot ng aliw sa mga mambabasa sa pamamagitan magagandang paglalarawan, ng mga gawi at galaw sa pamumuhay, o maglahad kaya ng panganib o sama na makalalason sa kadakilaang- asal upang maiwasan at malayuan.

Ang mga isyung nakakaimpluwensiya sa kababaihan ay ang kawalan ng pantay na oportunidad sa pagtatrabaho na kung saan may limitasyon sa pagpipilian ng mapagtatrabahuan ang kababaihan; mas maraming papel na ginagampanan ang kababaihan sa loob ng kanilang tahanan; ang kababaihan ay hindi gaanong nabibigyan ng pagkakataon na sumali sa proseso ng pagpaplano at pagbibigay o pagbuo ng desisyon; tinatanggap ng lipunan ang pagtataksil ng kalalakihan subalit kinokondena at pinandidirihan ang kataksilan ng kababaihan; ginagamit na *sex objects* ang kababaihan sa mga ads sa TV at pahayagan; mga pang-aabuso sa kababaihan- pisikal, berbal, sekswal- na nangyayari sa loob at labas ng kanilang tahanan at marami pang isyu sa hindi pagkapantay-pantay ng kababaihan at kalalakihan sa ating lipunan,(NEDA-RDC8,1997)

Ang proseso ng panunuring pangnilalaman ayon kay Krippendorf (2004). ay kailangang masagot ang sumusunod na katanungan sa bawat panunuring gagawin ng isang tagasuri: 1.) Alin ang datos na susuriin? 2.) Paano ito binigyang-katuturan? 3.) Ano ang populasyon kung saan ito kinuha? 4.) Ano ang konteksto na may kinalaman sa pag-aanalisa ng mga ito? 5.) Ano ang hangganan ng gagawing pag-aanalisa? 6.) Ano ang target inferens? At kapag nagawa ang pagsusuri batay sa mga nabanggit sa itaas ay tiyak magkakaroon ng isang ganap na pagsusuri ng isang akda kagaya ng nobela.

Sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan, lahat ay nangangailangan ng masigasig na pagbabasa ng teksto at susundan ng paglalagom at interpretasyon. Ito ay mauuring produkto o resulta ng tinatawag na kwalitatibong pagsusuri ng nilalaman *o qualitative content assessment*. (Valbuena, 1985).

Ang mga teoryang nabanggit ay nagsilbing gabay at patnubay sa pag-aaral na ito upang matamo ang mga kakailanganing datos o magawa nang tama ang gagawing panunuring pangnilalaman sa mga akdang pampanitikan. Ang mga ideya't simulain pati na ang katangiang dapat taglayin ng isang tagasuri ay nakatutulong din nang malaki sa ikatatagumpay nito.

Sa kabaguhan ng mga isyung kasarian, ito'y itinuring na isang mahalagang pag-aaral dahil sa ang mga kinauukulan nito'y kulang sa pagkalinga sa katutubong panitikan. Inaasahan na sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, magkakaroon ulit ng tiyak na larawan ang mga isyung GAD na nakapaloob sa mga akdang pampanitikan tulad ng nobela na sinulat ng mga komtemporaryong awtor na inilathala o idinawn-*load* sa *cyberspace*.

Ang mga balakid sa kaunlaran ng pagkatao ng kababaihan na inilahad ni Peake, (2017), sa kanyang artikulong isinulat kaugnay sa pagdiriwang ng International Womens's Day ay una, ang *institutional mind-sets: Powerful sociological and psychological wiring means that men are judged by a more lenient standard than women which is even more pronounced in traditional, male dominated cultures*. Ito ay sinasabing pangunahing hadlang sa pag-unlad ng kababaihan dahil sa pagkakaroon ng "*double burden*" hindi mabalanse ng kababaihan ang kanilang tungkulin sa kanilang tahanan at sa kanilang mga gawain sa pinagtatrabahuan. Ang sunod ay *structural obstacles: Mentoring alone isn't enough when women are still missing out on the experiences, challenging high profile assignments and visibility that are critical to progression through the pipeline*. Ang kombinasyon ng pagkakaroon ng mababang *global exposure* at *visibility* ay nakahahadlang sa pag-unlad ng isang babae at mas nabibigyan ng maraming oportunidad na umunlad ang isang lalaki. Ang pangatlo ay *ang family choices and societal pressures: The double burden of balancing career and pimary caregiver responsibilities presents a significant challenge and the common solution- flexible work and practices- can become a career killer*. Ang pagkakaroon ng kababaihan ng maraming responsibilidad sa tahanan kaysa sa

kalalakihan ay isa rin sa pangunahing nakaaapekto sa kanilang pag-unlad. Ang huli ay ang *individual mind-sets: Although in some cases working from a lower confidence base than men early in their careers, women who make it to the senior levels in organisations have significantly stronger progression aspirations than men*.

Sa pag-aaral ni Rojas (2010), natuklasan niya na pinipigilan ng kababaihan ang kanilang pansariling kaunlaran sa pamamagitan ng hindi masyadong pagkakaroon ng kontribusyon sa loob ng kanilang pinagtatrabahuan dahil sa takot na magkamali at masisi sa bandang huli. Ang kakulangan ng tiwala sa sariling kakayahan ang pumipigil sa kababaihan para maiangat ang sarili.

Ang mga nagsisilbing balakid sa kaunlaran ng pagkatao ng kababaihan ay ang mga sumusunod: ang paniniwala ng kababaihan ay tumutukoy sa mga kahulugan o paliwanag tungkol sa pinaniniwalaan at tinatanggap na totoo. Maituturing din itong batayan ng pagpapahalaga ng isang grupo o lipunan sa kabuuan. Nakakaapekto sa mga isyu at hamong panlipunan ang paniniwala ng isang indibidwal o pangkat ng tao halimbawa nga na kapag ang isang lipunan ay naniniwala sa pagkakapantay-pantay ng mga tao anuman ang kasarian ay magbibigay ng mga oportunidad para sa pag-unlad ng tao anuman ang kasarian nito; ang istatus ng kababaihan sa kalalakihan o ang kalagayan ng babae sa loob ng kanilang bahay maging sa lugar na kanilang pinagtatrabahuan kung paano sila pinapakitunguhan at pinapahalagahan bilang babae; papel sa pamilya, kumpara sa lalaki, mas mababa ang sahod at mas mapang-api ang kalagayan ng mga babaeng manggagawa. Kasabay nito, tinatali sila sa kulturang patriyarkal na nagtatakda ng papel nila sa lipunan bilang tagapangasiwa ng tahanan, tagaasikaso ng asawa, tagapag-alaga ng mga anak o nakababatang kapatid, matatandang magulang at iba pang kamag-anak. At nang magpakasal daw ang isang babae sa isang lalaki ay ikinakasal din siya sa buong pamilya nito na; at ang kakayahan sa sining at media ng kababaihan ay isang paraan upang mapaunlad ang sarili hindi na lamang siya palaging nasa likod ng lalaki bagkos matututo siyang tumayo at manindigan kahit walang lalaki o nawala ang lalaki sa kanyang buhay.

**1.2 Ang Suliranin**

Layunin ng pag-aaral na tuklasin ang mga nagsisilbing balakid sa kaunlaran ng pagkatao ng kababaihan sa mga piling nobela sa cyberspace na sinulat ng mga kontemporaryong awtor.

Tinitiyak na mabigyang- kasagutan ang sumusunod:

1. mga balakid sa kaunlaran ng pagkatao ng kababaihan;
    1.1. paniniwala,
    1.2. istatus ng mga kababaihan,
    1.3. papel sa pamilya,
    1.4. kakayahan sa sining at mass media.

.

**1.3Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral**

Saklaw ng pag-aaral na tuklasin ang pantay-pantay na paglalarawan sa kababaihan sa kontemporaryong panahon sa mga piling nobela sa *cyberspace* mula sa taong 2010 hanggang kasalukuyan upang makabuo ng panliteraturang pagsasanay at maiugnay sa pagtuturo at pagkatuto ng mga guro at mag-aaral. Tinitiyak na mabigyang- kasagutan ang sumusunod: konsepto; mga isyung nakaiimpluwensya; ekonomik, pulitikal, sosyal, kultural, mga balakid sa kaunlaran ng pagkatao ng kababaihan: paniniwala, istatus ng mga kababaihan sa mga lalaki, papel sa pamilya, kakayahan sa sining at mass media, at mungkahing panliteraturang pagsasanay.

Ginamit sa pag-aaral na ito ang tatlong (3) nobela na na mababasa sa *cyberspace* na sinulat ng mga kontemporaryong manunulat. Ang mga maiikling kwentong ito ay ang sumusunod: 1.) Ms. Nobody ni halfhearted; 2.) The Crazy Woman and Two Handsome Men ni maybeme25; 3.) My Obsessed FANGIRL ni ZdnElle. Sa pagsusuri, inalam ang tema ng nobela, at ang mga balakid sa kaunlaran ng pagkatao ng kababaihan, ang kanilang paniniwala, istatus sa mga lalaki, papel sa pamilya, at kakayahan sa sining at media.

**1.4 Kahalagahan ng Pag-aaral**

Mahalaga ang pag-aaral na ito sa mga guro ng/sa Filipino at sa mga kumukuha ng asignaturang Filipino bilang medyor dahil ang mabubuong awtputay may malaking maitutulong sa kanilang pagtuturo at pagsasanay upang maging mahusay at epektibong guro sa wika at panitikang Pilipino. Makatutulong din nang malaki ang pag-aaral na ito sa pagpapaabot sa kanilang mag-aaral ng mga isyu na may kinalaman sa kababaihan at maging ang mga nagsisilbing balakid sa kanilang kaunlaran.

Mahalaga rin para sa lahat upang malaman na hanggang sa kasalukuyan ay may diskriminayon pa ring nangyayari sa kababaihan sa kamay ng kalalakihan at may bagong perspektibo na magbibigay ng pantay na pagkilala sa kontribusyong nagagawa ng kalalakihan at ng kababaihan sa lahat ng aspeto ng kaunlaran sa lipunan, ng sag ayon makamit din nila ang kanilang mga mithiin at upang ang hindi pagkakapantay na ito ay maging oportunidad para sa dalawang pangkat ng mga babae at mga lalaki.

**1.5 Katuturan ng mga Talakay**

Ang mga katawagang nakatala sa ibaba ay ang ginamit sa pag-aaral na ito:

**Gender and Development**. (Kasarian at Kaunalaran) ay tumutukoy sa perspektibong pagpasok ng mga kababaihan sa larangang ginagalawan ng mga kalalakihan at kapwa may papel na ginagampanan sa kaunlaran mula sa nobela sa *cyberspace* napagtutuunan ng pag-aaral.

**Kontemporaryong Nobela.** ay ang mga makabagong nobela na kinahihiligan ng mga *millenials* na sinulat ng mga makabago o kontemporaryong awtor na makikita at mababasa sa mga website o *cyberspace*.

**Cyberspace**. ay ang mundo ng *internet* na kinahuhumalingan ng mga kabataan sa kasalukuyan at kung saan makakukuha ang sinuman nang malawak na kaalaman sa isang pag- *click* lamang sa *keyboard* ng *laptop* o *computer*.

**Balakid sa Kaunlaran ng Pagkatao**. ay tumutukoy sa pagiging mababa ang tingin ng mga kababaihan sa kanilang sarili, sa kanilang dignidad at sa kanilang pagkatao. (PFPPGRD handout, 1995-2025)

**Paniniwala ng mga Kababaihan.** ay tumutukoy sa kanilang mga kinalakihang paniniwala na mula pa sa kanilang mga magulang na kanilang sinusunod sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Ang mga paniniwalang ito ay maaaring taliwas sa kung ano ang sa kasakuyang paniniwala kaya naging balakid upang sila ay umunlad.

**Istatus ng mga kababaihan sa mga Lalaki.** ay kung paano ang pagkakilala o pagpapahalaga ng mga kalalakihan sa kanilang kasalungat na kasarian o sa mga kababaihan na maaaring positibo o negatibo sa panig nila.

**Papel sa Pamilya.** ay tumutukoy sa papel o responsibilidad na ginagampanan ng kababaihan sa loob ng kanilang tahanan bilang ina at asawa na lalong nagkukulong sa kanya kaya hindi mapaunlad ang sarili.

**Kakayahan sa Sining.** ay tumutukoy sa kakayahan ng kababaihansa larangan ng sining na kanyang maaari pang malinang upang maipagmamalaki at makatulong sa kanyang pansariling pag-unlad at para na rin sa kanyang pamilya.

**Kakayahan sa Mass Media.** ay tumutukoy sa kakayahan ng kababaihan sa kanilang pakikipag-ugnayang pasulat o pasalita (broadcast) sa malaking pangkat ng mga tao o *mass media* upang mapakinggan at makilala.

## II. METHODOLOGY

### 2.1 Disenyo ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay kwalitatibo o deskriptibo na pananaliksik sa larangan ng panitikan. Ginamit ang pamamaraang ito upang mailarawan ang mga katangian ng bawat akdang susuriin. Sa pag-aaral ay ginamit din ang pag-aanalisang pangnilalaman na kung saan gumamit ng isang masistematikong pagkaklasipika at pagsusuri sa nilalaman ng dokumento ayon sa kriterya. Ang kwalitatibong panunuring pangnilalaman ayon pa kay Valbuena (1985) ay batay sa pagkamayroon o di- pagkamayroon ng isang partikular na nilalaman, nangangailangan ng masusing pagbabasa sa mga teksto at susundan ng pagbubuod at interpretasyon. Sa pagsusuri, inalam ang tema ng akda; at ang mga nagsilsilbing balakid sa kaunlaran ng kababaihan ayon sa mananaliksik at mga tagatugon; paniniwala, istatus ng kababaihan, papel sa pamilya at kakayahan sa sining at *mass media*.

### 2.2 Kaligiran ng Pag-aaral

Ang mga nobela na makikita sa *cyberspace*, aymga *wattpad stories* naisinulat ng mga kontemporaryong awtor kagaya nina Bob Ong, Eros S. Atalia at iba pang mga kabataang awtor mula sa taong 2010 hanggang kasalukuyan ang siyang naging kasangkot sa pag-aaral na ito. Pinili lamang ng mananaliksik ang tatlong (3) nobela na sinuri ayon sa kriterya. Ang pag-aaral ay ginawa at binuo sa Leyte Normal University, syudad ng Tacloban kung saan kasalukuyang nagtuturo ang mananaliksik.

### 2.3 Tagatugon ng Pag-aaral

Ang naging tagasagot sa pag-aaral na ito ay mga kababaihan na nagmula sa iba't ibang komunidad at larangan. May nagmula sa Department of Social Works and Development (DSWD), may galing sa akademya o mga guro ng Bachelor of Science in Social Work (BSSW), may mga opisyal ng baranggay o Baranggay Health Worker (BHW) at may mga maybahay (housewives) at iba pang kababaihan.

### 2.4 Instrumentong Ginamit ng Pag-aaral

Ginamit sa pagsusuri sa mga akdang pampanitikan ang isang talahanayan na sariling- gawa na sinang-ayunan ng kanyang tagapayo at gagawing hulwaran sa pagbuo ng talahanayan ang *Phenix Factor Matrix* na ginamit din ni Rojas (2010) sa kanyang pag-aaral.

Isang talahanayan ang binuo sa pag-aaral na ito na naglalahad ng mga balakid sa kaunlaran ng kababaihan na may limang (5) hanay na kung saan nakapaloob din ang sagot ng mga respondente at ang ginawang pagsusuri ng mananaliksik; **Ang mga nobela sa Cyberspace**, **Paniniwala**, **Istatus ng kababaihan**, **Papel sa pamilya** at **Kakayahan sa Sining at Mass media**.

**2.5 Paraan ng Pagkalap ng mga Datos**

Sa pag-aaral na ito ginawa ang sumusunod na hakbang: Una, ginawang *pre-survey* sa mga nobela sa cyberspace na sinulat ng mga kontemporaryong awtor upang matiyak na ang mga ito ay naglalarawan sa kababaihan; Ikalawa, binasa ang mga napiling akda at sinuri ang mga ito upang malaman ang tema at nilalaman na may kaunayan sa kababaihan; Ikatlo, nagpasagot ng talatanungan sa mga kababaihan na nagmumula sa iba't ibang *sector* upang alamin ang mga nagsisilbing balakid sa kaunlaran ng kanilang pagkatao: ang kanilang paniniwala, istatus ng kababaihan, papel sa pamilya at kakayahan sa sining at *mass media*.

## III. PRESENTATION AND INTERPRETATION OF DATA

**3.1 Talahanayan 1**

**3.2 Mga Balakid sa Kaunlaran ng Pagkatao**

| Mga Nobela sa Cyberspace | Paniniwala | Istatus ng Kababaihan | Papel sa Pamilya | Kakayahan sa Sining at Mass Media |
|---|---|---|---|---|
| 1.*Ms. Nobody* | *pagpapahalaga sa pamilya ☺walang kakayahan | *mahina ☺sunud-sunuran | *tagapag-alaga ☺ asawa | *limitado ang ☺panahon upang paunlarin ang sarili |
| 2. ***The Crazywoman and Two Handsome Men*** | *pagpapahalaga sa minamahal ☺walang kakayahan | *sunud-sunuran sa lalaki ☺-sunud-sunuran sa lalaki | *asawa, ina ☺tagapag-alaga | *limitado ang kakayahan ☺ walang sapat na oras |
| 3. ***My Obsessed Fangirl*** | *pagpapahalaga sa labis na minahal ☺ -do- | *sunud-sunuran sa lalaki ☺ -do- | *maybahay, asawa, ☺ ina,babae | *kulang sa pokus ☺ walang sapat na oras |

Leyenda: *Mananaliksik ☺ Tagatugon

Makikita sa Talahanayan 1 ang mga nagsisilbing balakid sa kaunlaran ng kababaihan ayon sa analisis ng mananaliksik sa tatlong (3) nobela sa cyberspace at sa naging tugon ng sampung (10) tagatugon na pawang mga kababaihan na nagmula sa iba't ibang sektor ng lipunan.

Sa nobelang ***Ms. Nobody***, ayon sa analisis ng **mananaliksik**, ang **paniniwala** na pagpapahalaga sa pamilya, na mas mahalagang unahin ang kaligtasan, pangangailangan ng pamilya at pahalagahan sila kaya mahirap para sa isang babae na iwanan nila ang kanilang tahanan at mga anak upang makapagtrabaho, at sa naging sagot naman ng **tagatugon** na ang paniniwala na wala silang kakayanan para paunlarin ang sarili sa kadahilanang mas binibigyannila ng "*hands on*" na pag-aalaga ang mga anak. Maraming mga babae ang napipilitang iwan ang karera kapag sila ay nagkaanak na dahil na rin sa wala silang mapagkakatiwalaang magbabantay sa mga ito

Binanggit sa nobela:

> **"Ingatan mo ng anak ko, 'wag mong hayaan na malagay sa panganib ang buhay ng anak ko. Ilayo mo siya dito, pakiusap ito nalang ang huling hiling ko" --Wala akong magawa kundi ang tumahimik nalang habang nakikinig sa mga kwento nila. Habang sinasabi nila ang totookong pagkatao umiiyak na ako all of my life lumaki akong may galit sa magulang ko. To the point na pinilit kong burahin sila sa utak ko. Ako? Anak ng mayaman at itinago para ma protektahan? Ako na buong akala ko iniwan dahil hindi naman kailangan. May magulang ako at mahal na mahal pala nila ako.**

Marami ng kaso na kung saan napipilitang mangibang bansa ang babae para sa pamilya pero kadalasan ay nauuwi sa paghihiwalay dahil sa pagkakaroon ng ibang babae o ibang lalaki. O hindi kaya ay napapariwara ang mga anak dahil walang ina na gumagabay sa kanila. Kagaya ng isang kaso na inilapit ng isang babaeng OFW na kung saan ang ama pa mismo ang nanakit at nagsamantala sa kanyang anak dahil ito ay nalulong sa bisyo habang ang asawa ay nasa ibang bansa. Ayon sa mananliksik sa **istatus ng kababaihan,** ayon sa **mananaliksik** namas mahina ang kababaihan kaysa sa kalalakihan. Sinamantala ng lalakeng karakter ang kahinaan ng babae kaya walang magawa ang huli kundi sundin ang una.

Inilahad sa nobela:

> **Ikaw din aayus ng schedule ko at dapat kong suutin. At pag nasa school naman pag tinawag kita dapat andun ka kahit ang ginagawa mo kailangan mong itigil malinaw ba?" "Panu kung nag eexam ako?" over naman siya itigil ang ginagawa ko. Pano kung nasa cr ako. Ititigil ko ng ginagawa ko dahil kailangan niya.**

Sa isang episode ng "Malaala mo Kaya" ni Charo Santos-Concio na may pamagat na "Babae", na kung saan ang babae ay nagmistulang alipin ng kanyang asawa dahil lahat ay iniuutos ng lalaki rito kahit yaong mga bagay na hindi kayang gawin ng isang babae at labag pa sa batas kagaya ng pagbebenta ng droga at dahil sa takot ay pikitmata itong sinusunod ng babae at ayon naman sa **tagatugon,** na ang mga babae naging napipilitang maging sunud-sunuran na lamang sa lalaki para walang gulo sa loob ng kanilang tahanan. Ang kadalasang **papel** ng babae ayon sa **mananaliksik** ay ina at asawa na tagapag-alaga ng kanyang mga anak at asawa kaya mas umuunlad ang mga lalaki kaysa mga babae sa lahat ng aspeto dahil nga malayang nagagawa ng lalaki ang gusto dahil nga lahat halos ng obligasyon sa loob ng tahanan ay nakaatang lamang sa babae. Ito ay sinang-ayunan naman ng **tagatugon.** Likas na sa isang ina na mas unahinang kapakanan ng kanyang mga anak.

Binanggit sa nobela:

> **"Babalik na ko sa quarters dun ang mga katulong diba?" "Hindi ka naman katulong dito. At ang layo layo dun pano kung kailangan kita? Mag aantay pa ako ng matagal?" "so san ako mag stay?" "edi dito kasama ko 24/7 nga dapat kitang kasama diba? So dito kalang sa bahay ko" "You mean tayong dalawa dito? Ehh si manang saansiya matutulog? "That's good then. I need you here because I don't want to wait for you If I need your assistance. 10 minutes ang papunta dito mula sa quarters. So come with me I'll show you your room."**

Mapapansin ang pagiging "demanding" ng lalaki sa nobela. Isang pangyayari sa tunay na buhay na kung saan ay isang babae ang labis na nasaktan, puso, isip at katawan dahil sa pang-abuso ng kanyang asawa pati ng pamilya nito. Ginawa siyang alila ng pamilya ng lalaki at ni hindi man lamang siya maipagtanggol mula sa mga ito. Kung **kakayahan naman sa sining at *mass media*,** ayon sa **mananaliksik** ay walang gaanong sapat na oras ang babae upang paunlarin ang sarili dahil sa kanilang walang katapusang gawain sa bahay, sa pag-aasikaso sa asawa at pag-aalaga sa mga anak mula pagkagising hanggang sa pagtulog. Ito rin ang naging sagot ng **tagatugon** na sa kadahilanang sila nga ay hindi magkandaugaga sa loob ng kanilang tahanan kaya wala talaga silang oras para sa sariling pag-unlad. Kagaya sa isang *episode* ng "Ipaglaban Mo" na may pamagat na "*Saleslady*" na kung saan naging malimit ang pagtatalo ng mag-asawa dahil pilit pinapatigil sa pagtatrabaho ng lalake ang babae upang maalagaan na lamang ang anak nila lalo na at palagi na lamang gabi kung makauwi mula sa trabaho. Kahit labag sa kagustuhan ng huli ay sinunod na lamang niya ang una para sa ikatatahimik ng pamilya nila at para na rin maalagaan niya ang kanyang mga anak na. Dahil dito ay tuluyang napapabayaan ng babae ang pansariling kaunlaran.

Binanggit nga sa nobela:

> **"Sasama ka sa akin ngayon Alexie dahil mayroon akong appointment sa isa kong *product indorsement*", sabi ni Prince sa dalaga. Walang reklamong tumango na lamang ang huli kaysa makipagtalo pa dito, hindi rin naman siya mananalo rito kaya liliban na lamang siya sa kanyang klase para masamahan ang binata.**

Sa nobelang ***The Crazywoman and Two Handsome Men*** naman, ayon sa **mananaliksik** na ang **paniniwala** ng kababaihan na dapat mas pahalagahan ang minamahal kaya mas pinili nilang manatili sa bahay para maalagaan niya ang mga ito at ayon naman sa **tagatugon** ang paniniwala ng kababaihan na sila ay walang kakayahan kagaya ng sa lalaki kaya minabuti na lamang nilang maging simpleng maybahay na lamang dahil sila ay mahina sa anumang aspeto kaya dapat lalaki ang nasa labas at naghahanapbuhay at ang mga babae ay nasa loob lamang ng bahay. Kadalasan ang paniniwala na ito ay talamak sa mga liblib na baryo na ang kababaihan ay salat sa pinag-aralan dala na rin ng kahirapan sa buhay. May mga magulang pa nga na nagtutulak sa kanilang mga anak na babae sa maagang pag-aasawa upang maibsan ang kanilang pasanin.

Ayon sa nobela:

> "**Pumayag na lamang si Athena na maging yaya ng anak ni Vaugh kahit wala sa pangarap niya ang trabahong pinasukan para lamang mapalapit sa mag-amang natutunan niyang mahalin. Handa siyang magtiis para maitama ang maling akusasyon sa kanya ng lalaki."**

Ang **istatus ng kababaihan** ayon sa **mananaliksik** sa ginawang pagsusuri sa nobela ay ang pagiging sunud-sunuran pa rin ng babae sa lalaki dahil sa nais niyang patunayan na mali ito sa paratang sa kanya at magagawa lamang niya iyon kung lubos siyang makikilala nito. At ito ay sinang-ayunan naman ng **tagatugon** dahil natatakot din ang kababaihan na masira ang pamilya kung hindi siya susunod sa kung anong gusto ng lalaki kaya para walang gulo ay nagtitiis na lamang siya na manatili sa loob ng kanilang bahay. Ang pagkakaroon ng limitadong kaalaman ng kababaihan ayon pa rin sa kanila kung kaya nagkakaroon ng maling interpretasyon sa mga bagay-bagay. Kagaya sa pagpaplano ng pamilya na kung saan ayaw ng lalaki na ang paggamit ng mga c*ontraceptives* at operasyon dahil sa may *side effect* daw at dahil nga sa kawalan ng kaalaman ay walang nagagawa ang babae kundi sumunod sa *natural* o likas na pamamaraan na hindi sigurado na ligtas ang isang babae mula sa pagbubuntis.

Mababasa sa Nobela:

> **And athena, ngayon kung magpapaganda ka ay hindi dapat para magpa-impress ng ibang tao kundi dapat para sa asawa mo lang. yong mga perang ibibigay sa iyo ay itago mo nang mabuti o huwag basta-basta gastusin. Huwag mo ring iparamdam na siya ay hindi perpekto because we all do, masasaktan mo siya. Dapat ikaw rin ang maghahanda ng kanyang panligo o mga damit, huwag mong ipagawa sa mga katulong**.

Ang pagiging masunurin ng babae sa kagustuhan ng lalaki. Oo nga at nasa mag-asawa nakasalalay ang ikatatagumpay ng kanilang pagsasama subalit dapat din na isaalang-alang na ang babae ay may karapatan din na magkaroon ng panahon upang paunlarin ang sarili. Ang **papel sa pamilya** ayon sa **mananaliksik** sa kanyang ginawang pagsusuri ay ang babae bilang asawa at ina sa loob ng kanilang pamamahay at ito rin ang sinabi ng **tagatugon** na ang kanilang pamilya na lamang ang pinagtutuunan ng pansin at mas binibigyan ng prayoridad kaya ginagampanan niya ang kanyang tungkulin bilang asawa at ina nang walang pag-aalinlangan.

Sinabi sa nobela:

> **"Vaugh, ang iyong pera ay hindi mo na solo. Dapat iparamdam mo kay Athena na pera niyong dalawa iyan. Yong mga babae namang nagpapantasya sa iyo ay huwag pansinin dahil nariyan si Athena. At huwag na huwag mong iparamdam na wlang halaga ang maliliit niyang ginagawa, tulad nang paglalaba o pamamalantsa ng damit mo. You should thank your wife for that." "And athena, ngayon kung magpapaganda ka ay hindi dapat para magpa-impress ng ibang tao kundi dapat para sa asawa mo lang. yong mga perang ibibigay sa iyo ay itago mo nang mabuti o huwag basta-basta gastusin. Huwag mo ring iparamdam na siya ay hindi perpekto because we all do, masasaktan mo siya. Dapat ikaw rin ang maghahanda ng kanyang panligo o mga damit, huwag mong ipagawa sa mga katulong."**

Matatawag na ulirang asawa kung ganito ang magiging kalagayan ng pagsasama ng isang mag-asawa. Subalit bakit may mga lalaki pa rin na hindi mapahalagahan ang ginawang pagsasakripisyo ng isang babae at hindi nila mapantayan o maibalik man lang ng kalalakihan ang pagpapahalaga at pagmamahal ng kanilang mg asawa, kagaya ng nanagyari sa pamilya ni Diana sa isang episode ng "Tadhana" ang *#TadhanaRussia* ng GMA. Sa halip na bantayan ang mga anak ng amang si Roger habang nasa ibayong dagat ang asawa at nagtitiis para sa pamilya, siya ay nagpapasarap sa piling ng barkada at ang mas masahol pa, siya pa mismo ang nanamantala sa kanyang anak na dalagita. Ang **kakayahan sa sining at *media***ayon sa **mananaliksik** sa kanyang ginawang pagsusuri ay ang pagiging limitado ang kakayahan ng babae sa larangang ito dahil nga mas pinapahalagahan ang pamilya o ibang tao kaysa sa sarili. At ito ay pinanigan din ng **tagatugon** sa pagsasabing walang sapat na oras ang kababaihan upang mapaunlad ang sarili dahil sa kaakibat na responsibilidad niya bilang asawa at ina kaya paano pa niya maiiangat ang sariling kakayahan kung nauubos ang panahon niya sa mga taong mas pinapahalagan.

Ayon sa nobela:

> "**Wala kang ibang gagawin kundi ang bantayan at alagaan ang aking anak. Pakainin at patulugin sa tamang oras at painumin ng kanyang mga bitamina. Mahigpit na habilin ni Vaugh kay Athena. Tandaan mo rin na hindi siya dapat lumabas nang mag-isa at maglaro sa labas**."

Ngunit hindi dapat palagi na lamang nasa likod ng anino ng kanyang asawa ang isang babae. Dapat din na magkaroon siya ng sariling identidad. Kagaya ng pangyayari sa isang episode ng "Maalaala mo kaya" ni Charo Santos-Concio na may pamagat na "Asawa" na kung saan tumigil ang matagumpay na sanang karera ng babae ng siya magpakasal dahil sa kagustuhan ng lalaki subalit dumating ang punto na nagsawa ang babae pagiging bilang "maybahay" lamang at nagsimula ang gulo sa buhay nilang mag-asawa.

Sa nobelang ***My Obsessed Fangirl*** naman ayon sa **mananaliksik** sa kanyang ginawang pagsusuri ay ang **paniniwala** ng kababaihan na ang labis na pagpapahalaga sa taong labis na minamahal na kung saan ay nakasasagabal sa kanilang pag-unlad dahil nga sa ang kanilang buong atensiyon ay napupunta sa lalaki at nagdudulot ng kapabayaan sa sarili. Sinasabi rin ito ng **tagatugon** na dahil sa labis na pagmamahal at pagsamba ng babae sa lalaki nakakalimutan na ang sariling kapakanan.

Binanggit sa nobela:

> **Magiging sapat at kuntento na ako sa piling ni Coby, Dito masaya na ako. Kahit tagasilbi lamang niya basta palagi ko siyang kasama at nakikita, masaya na ako. Ayoko siyang magalit, natatakot akong paalisin niya kaya gagagwin ko lahat ng gusto niya…**

Ang ginawang pagpapakamartir ng babae sa nobela dahil sa labis na pagmamahal ay nagdulot ng sobrang sakit sa kanya. Katulad din ng ginawa ni Kriza sa isang *episode* pa rin ng "Ipaglaban mo" na napilitang ibenta ang

sarili sa mundo ng *cybersex* para maisalba ang isang kasapi sa pamilya ngunit hindi niya matanggap na pati ang mga nakababatang kapatid ay ginamit rin at naging kagaya niya para lamang sa pera. Nawalan ng silbi ang kanyang pagsasakripisyo dahil napahamak rin ang mga taong pinag-alayan niya nito. Ang **istatus ng kababaihan** ayon sa **mananaliksik** sa kanyang ginawang pagsusuri ay ang pagiging sunud-sunuran ng babae sa lalaki. Dahil sa labis na pagsamba ng babae ay kinalimutan niya ang sarili. Ito rin ang naging sagot ng **tagatugon** na dahil ayaw nila ng gulo sa loob ng kanilang tahanan kaya sinusunod na lamang nila ang anumang kagustuhan ng lalaki.

Sinabi sa nobela:

> "**Rylai dahil pumasok ka bilang alalay ko dapat alam mo kung ano ang mga pangangailangan ko, huwag mong kalimutang dalhin saan man ako magpunta, huwag kang mawawala sa paningin ko dito sa loob lalo kapag tayo ay nasa labas. Alalahanin mong bawal kang magreklamo, naiintindihan mo ba ako? Pasigaw na tanong ni Coby.**"

Talagang kung hahayaan ang mga lalaki na tratuhin ang kababaihan na mas mababa sa kanila ay tiyak din mawawalan sila ng respeto sa dito. Wika nga, walang maaabuso kung walang magpapaabuso. Ipinahayag din na ang **papel ng kababaihan** ayon sa **mananaliksik** ay maybahay o asawa na tagapag-alaga ng pamilya at tagagawa ng mga gawaing bahay at ang pagiging ina at babae ang naging sagot naman ng **tagatugon.** Kahit may likas na talento ang kababaihan subalit dahil sila abala sa kanyang obligasyon sa pamilya kaya nawawalan ito ng saysay dahil hindi ito nalilinang. Kaya bumababa ang respeto sarili dahil nga sa pag-aakalang kakulangan at lumalayo sa kakilala para hindi makumpara at kaawaan.

Makikita pa sa nobela:

> "**Rylai Get his Coat, shades, water, and bag. Paglabas niya ng comfort room iabot mo sakaniya yung coat bababa na ako sabihin mo pumunta na siya ng parking lot" sabi ni ma'am gina Haaaay! para kaming mag-asawa ni coby meh'loves ngayon, isa akong plain house wife na naghihintay sa asawa na lumabas ng c.r at iaabot ko yung mga susuotin niya para sa pagtatrabaho! Oh diba! Kakiliiiig! "Ano wala kabang balak iabot sa akin yung coat at shades ko?" napaigtad ako at napatingin kay coby meh'loves ko na nakatingin sa akin. "Tss" ayun ang huli kong narinig bago ang pagbagsak ng pinto. Nagulat naman ako na wala na yung coat at shades sa mga kamay ko kaya dali dali akong lumabas at sumunod kay Coby meh'loves. Nang makarating ako ng parking lot hingal na hingal ako.**

Ang labis na pagmamahal sa lalaki ng babae at sa kanyang paniniwalang mas lalo siyang mamahalin nito kung ipapadama niya ang kanyang pag-ibig sa pamamagitan ng pagsisilbi rito at agarang pagsunod sa bawat naisin nito ang nagsisilbing papel nito. Ang **kakayahan sa sining at *media*** ayon sa **mananaliksik** ay ang kakulangan sa pukos kaya hindi nalilinang ng isang babaeang kakayahan na mayroon siya dahil nga sa kanyang obligasyon sa pamilya. Ito rin ang naging sagot ng **tagatugon** na walang sapat na oras ang babae sa pansariling kalinangan dahil nga sa nabuhos lahat sa lalaki.

Binanggit sa nobela:

> "**Anak may pinag-aralan ka, may sarili kang buhay Rylai, bakit mo inuubos lahat ng iyong panahon sa lalaking iyo? Paano ka kung mabigo ka? Anak hindi habambuhay na nandito kami ng iyong mama…sana magtira ka naman para sa iyong sarili, anak.**"

Hindi rin dapat gawing batayan ang malaking kinikita ng lalaki para patigilin niya sa pagtatrabaho ang babae upang ang pamilya na lamang nila ang asikasuhin. Kagaya na lamang sa nangyari sa buhay ng isang guro na huminto sa pagtuturo dahil ninais ng asawang *seaman* na ang mga anak na lamang ang alagaan at pagtuunan ng atensyon. Tinanggap at sinunod ng babae nang buo ang desisyon ng kanyang asawa subalit may dumating na malaking pagsubok sa buhay nila nang magkaroon ng ibang babae ang lalaki. Walang kasing-sakit ang naramdaman ng babae dahil isinakripisyo niya ang sarili para sa pamilya ngunit ito pa ang ginawa ng kanyang asawa.

Sa kabuuan, ang mga nagsisilbing mga balakid o sagabal upang umunlad at umangat ang kalagayan ng isang babae, na kahit nasa kanya na ang lahat ng pagkakataon upang maiangat ang sarili, subalit ang kanyang paniniwala, ang istatus, kalagayan o katayuan niya sa loob ng kanilang tahanan, ang papel niya sa pamilya at ang kakayahan niya sa sining at *media* ang humihila sa kanya sa ibaba. Ang **paniniwala** ng kababaihan ayon sa mananliksik at tagatugon sa mga nobelang sinuri ay mas nangingibabaw ang paniniwalang dapat mas pahalagahan ang pamilya at unahin ang kanilang mga pangangailangan kaysa sa pansariling kaunalaran. Ang **istatus ng kababaihan** ayon sa mananaliksik at tagatugon sa mga nobelang sinuri ay mas nangingibabaw ang pagiging sunud-sunuran ng isang babae sa lalaki sa dahilang ayaw nila ng gulo sa loob ng kanilang tahanan, na maaaring mauwi sa paghihiwalay, alang-alang sa kanilang mga anak nagtitiis siya at dahil na rin sa laki rin ng kanyang pagmamahal dito.Ang **papel sa pamilya** ng kababaihan ayon sa mananaliksik at tagatugon sa nobelang

sinuri ay mas nangingibabaw ang pagiging isang ina at isang asawa niya na handang pagsilbihan ang pamilya sa puntong nalilimutan na ang pansariling kapakanan at pag-unlad. At ang **kakayahan sa sining at media** ng kababaihan ayon sa mananaliksik at tagatugon sa nobelang sinuri ay mas nangingibabaw ang kawalan nila ng oras at panahon sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa sining at media dahil mas inuuna nila ang kanilang obligasyon sa loob ng kanilang tahanan.

## IV. CONCLUSION

Batay sa mga sa natuklasan ng pag-aaral na ito, nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon: Nagsilbing balakid sa kaunlaran ng pagkatao ng kababaihan ang kanilang**paniniwala** at pagpapahalaga sa pamilya at walang kakayahang unahin ang sarili, ang**istatus ng kababaihan,** ang pagiging sunod-sunuran upang maiwasan ang away o gulo sa pagitan nilang mag-asawa, at ang**papel sa pamilya** ay ang pagiging asawa at ina dahil higit na binibigyang halaga ang tungkulin ng kababaihan kaya napapabayaan ang sarili at ang huli ay ang **kakayahan sa sining at *mass media***ay limitado at walang panahon para paunlarin upang pa ang sarili dahil mas inuuna ang obligasyon sa pamilya bilang asawa at ina.

## V. ACKNOWLEGDEMENTS

Ang may-akda ay taos-pusong nagpapasalamat sa mga taong may malaking naiambag na tulong sa kani-nilang pansariling pamamaraan at nagbigay ng inspirasyon upang matapos at mabuo ang pag-aaral na ito. Sa administrasyon ng Leyte Normal University, sa tulong pinansyal, sa kanyang mga kasamahan sa trabaho, lalo na kina Gee2 at Mich maging kina Garry, Aldwin,mam Jackie, Weng at Belle sa kanilang panghihikayat para tapusin at mailathala ang papel na ito.Sa kanyang mga matalik na kaibigan, **G**, at sa **KABAYAN***foundation,* sa kanilang positibo at negatibong mga puna na nakatulong upang lalong magsikap ang may-akda na matapos ito.Sa kanyang pamilya, ina, mga kapatid at kaisa-isang anak, **JAMES VICTOR**, sa pagbibigay ng inspirasyon upang magpatuloy sa pag-aaral at pagsulat sa kabila ng maraming balakid.Higit sa lahat, sa **POONG MAYKAPAL**, sa pagbibigay ng kaalaman at talino, lakas ng katawan at mabuting kalusugan upang matapos ang pananaliksik na ito.Sa inyong lahat, maraming salamat!

## REFERENCES

**Journal Papers:**

**[1]** Fajardo, A.R. (2006). CEDAW brief in English, NCRWF, Philippines.

[2] NEDA, 2004. Women Issues.Plan Framework of the Philippines, Plan for Gender Responsive Development, A Handout, 1995-2025

[3] Recibido, A. (2010). http//www.pia.gov.ph

[4] Peake, (2017), Article on International Womens's Day

**Books:**

[5] Villafuerte, P.V. (2000). Panunuring Pampanitikan: Teorya at Pagsasanay. Mutya Publishing House, Valenzueala City.

[6] Parpart J., Connelly P., (2000). Theoritical Perspective on Gender and Development: Ottawa, Canada: IDRC.

[7] Arrogante, J.A., et. al. (2008) Panitikang Filipino: Antolohiya. National Bookstore, Manduluyong City.

[8] Belvez, P.M. et.al. (2000). Panitikan ng lahi Pangkolehiyo. Rex Printing Press, Quezon City.

[9] Krippendorf, K. (2004**).** Content Analysis: An Introduction to its Methodology. 2nd

[10] Valbuena, T.V. (1998). Introduction to Qualitative Research Methods. De la Salle University Press, Inc. Manila, Philippines.

**Theses**

[11] Acuin, D.G (2016) Mga Isyung Kasarian at Kaunlaran sa mga Dulang Nagkamit ng Gantimpalang Carlos Palanca: Batayan sa Pagbuo ng Mungkahing Pagsasanay sa Pagtuutro ng Panitikan

[12] Rojas, V.Y. (2010) Mga Isyung Gender and Development sa mga Dulang Nagkamit ng Gantimpalang Carlos Palanca sa Dekada 80: Input sa Pagbuo ng Modelong Banghay Aralin sa Pagtuturo ng Panitikan